7

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 1

Aralin 8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 7**
**Ugnayan ng Pilipinas sa mga Sinaunang Kabihasnan sa Timog Silangang Asya**
**Ugnayan ng Kabihasnan sa Timog Silangang Asya sa Kabihasnang Tsina at India**
**Kuwarter 1: Aralin 8 Linggo 8**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**

- Melvin C. Ubaldo (Pedro Guevara Memorial National High School - SDO Laguna)

**Tagasuri:**

- Marivic M. Pimentel, Ph.D. (Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN, UNANG KWARTER, ARALIN 8, LINGGO 8 /BAITANG 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mga mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng proyekto na nagpapaliwanag sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mga mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | 1.Naiuugnay ang sinaunang kabihasnan ng Pilipinas sa mga bansa sa Timog Silangang Asya.<br>2. Naiuugnay ang mga kabihasnan sa Timog Silangang Asya sa kabihasnang Tsina at India.<br>3. Nakapagsasagawa ng pangkatang gawain tungkol sa naging ugnayan ng mga kabihasnan sa Timog Silangang Asya sa Tsina at India |
| **A. Nilalaman** | Ugnayan ng Pilipinas sa mga Sinaunang Kabihasnan sa Timog Silangang Asya<br>Ugnayan ng Kabihasnan sa Timog Silangang Asya sa Kabihasnang Tsina at India |
| **B. Integrasyon** | • Ugnayan ng tao at kapaligiran.<br>• Kultura, Pagkakakilanlan, at Pagkabansa<br>• 5K Pedagohiyang Pangkasaysayan (Kuwento, Konteksto, Katunayan, Katwiran, Kabuluhan)<br>• Mapanuring Kaisipan<br>• Lokalisasyon at Kontekstwalisasyon |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|

Abejo, R.A. G., Jose, M.D. dL., Reguindin, J.S., Ong, J. A., & Mallari A.B.T. (2017). Kasaysayan ng Asya. KKK Serye K to 12 Edisyon. Vibal Group Inc.

Araling Asyano: Asya Tungo sa Pagkakakilanlan. Vibal (2015) p. 242-245

Blando et al., (2015). *ASYA: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba* Ikapitong Baitang. Department of Education- Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS) DepEd Complex, Pasig City.


*Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan.* (2016). Department of Education, DepEd Complex, Pasig City.

*Matatag K to 10 Curriculum of the K to 12 Program, Araling Panlipunan Grades 4 and 7.* (2023). Department of Panlipunan. Rex Book Store. Secretariat (DepEd-IMCS).

Sim, A.T., Daroni C.E., & Santingyaman, J.M. (2023). Siglo: Araling Asyano Batayan at Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan. Rex Book Store.

http://www.art-and-archaeology.com/seasia/ppenh/khmer01.html

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>**Putukin ang Lobo, Sagutin Tanong Ko!**<br>Panuto: Gamit ang isang matulis na bagay ay papuputukin ang lobo at pagkatapos ay sasagutin ang nakapaloob na katanungan dito.<br><br>**Mga Gabay na Tanong:**<br>1. Ano-ano ang mga sinaunang kabihasnan na kabilang sa Mainland o Pangkontinenteng Timog Silangang Asya?<br>2. Magbigay ng mga kabihasnan na nabibilang sa Insular o Pangkapuluang Timog Silangang Asya. | (Iisa-isahin ng mga mag-aaral)<br>Mainland:<br>a. Funan<br>b. Angkor (Khmer)<br>c. Pagan<br>d. Toungoo |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Pidbak (Opsiyonal)**<br><br>Gamit ang mga *emoticons*, lagyan ng marka ang kasanayang iyong natutuhan sa nakalipas na aralin:<br><br> Madali sa akin ang naging aralin at naging mahusay ako sa paksang tinalakay.<br><br> Naging mahirap para sa akin ang nakalipas na aralin.<br><br>Mga Sinaunang Kabihasnan sa Pangkontinente at Pangkapuluang Timog Silangang Asya | e. Lê<br>f. Ayutthaya<br><br>Insular:<br>a. Srivijaya<br>b. Sailendra<br>c. Madjapahit<br>d. Malacca |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Panghikayat ng Gawain**<br><br>**Gawain 1: HULA-BANDILA**<br>**Panuto:** Sa tulong ng mga watawat na ipapakita ng guro ay kinakailangang maibigay nga mag-aaral ang bansang tinutukoy nito.<br><br>1.  2.  3. <br>4.  5. <br><br>https://canva.com/design<br><br>**Pamprosesong Tanong:**<br>1. Ano-ano ang mga bansang nabanggit? | |

2. Sa iyong palagay ano ang kaugnayan nito sa paksang tatalakayin?

**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

**Gawain 2: AKROSTIK**


Panuto: Gamit ang akrostik, ang mga mag-aaral ay magbibigay ng mga salita o grupo ng salita tungkol sa salitang kabihasnan.

**K-**
**A-**
**B-**
**I-**
**H-**
**A-**
**S-**
**N-**
**A-**
**N-**

Gamitin ang rubrik na nasa ibaba sa pagmamarka.

| **Pamantayan** | **Natatangi (4)** | **Mahusay (3)** | **Katamtaman (2)** | **Nangangailangan ng ibayong pagsasanay (1)** |
|---|---|---|---|---|
| **Kaangkupan** | Lubos na angkop ang temang ginamit sa *output* | May kaangkupan ang tema | Hindi masyadong angkop ang tema | Hindi angkop ang tema |
| **Mensahe** | Malinaw at tukoy ang mensahe sa output | Malinaw ang mensahe sa output | Hindi gaanong malinaw ang mensahe sa output | Hindi malinaw ang mensahe sa output |
| **Pokus** | Nakapokus sa paksa ang nilalaman | Nakapokus sa paksa ang karamihan ng nilalaman | Nakapokus sa paksa ang iilan sa nilalaman | Hindi nakapokus ang paksa sa nilalaman |

**Mga Kasagutan:**

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**Gawain 3: AYUSIN MO AKO!**<br>**Panuto:** Ayusin ang mga ginulong letra upang mabuo ang mga salita o konsepto na may kaugnayan sa paksa.<br><br>G \| U \| A \| N \| N \| A \| Y<br><br>A \| N \| U \| A \| N \| I \| S | UGNAYAN<br>SINAUNA |
| **3. Paglinang at Pagpapalalim** | **Ikalawang Araw**<br>**Kaugnay na Paksa 1: KAUGNAYAN NG SINAUNANG KABIHASNAN NG PILIPINAS SA MGA BANSA SA TIMOG SILANGANG ASYA**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Gawain 4: IUGNAY MO AKO! KABIHASNANG PILIPINO**<br>Panuto: Buuin ang dayagram sa pamamagitan ng pag-uugnay ng pamumuhay ng mga sinaunang mamamayan ng Timog Silangang Asya sa pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino.<br><br><br> | * *Iugnay ng mga sinaunang kabihasnan ng Timog Silangang Asya sa kabihasnang Pilipino. Isa-isahin din kung paano umunlad ang mga kabihasnan sa Timog Silangang Asya.*<br><br>*Isaalang-alang din ang gawain o mga katanungan sa Sinimulan Ko, Tatapusin Mo! sa pagtalakay ng aralin.* |

2. ________________________
________________________
________________________

4. ____________________
____________________
____________________

**Mga Gabay na Tanong:**

1. Ano ang kaugnayan ng mga sinaunang kabihasnan ng Timog Silangang Asya sa kabihasnang Pilipino?
2. Paano umunlad ang mga kabihasnan sa Timog Silangang Asya?

Ang Panahong Neolitiko sa Timog-Silangang Asya na nagsimula bandang 9000 BCE ay nagsimula sa maunlad na agrikultura na siyang naging pundasyon ng kulturang Hoabinhian sa Vietnam. Mahalaga rin ang migrasyon ng mga Austronesian sa pangkapuluang Timog-Silangang Asya. Ayon sa teoryang Austronesian Migration, ang mga Austranesyano ang mga unang pangkat ng mga tao na nakarating at namuhay sa ating bansa. Sila ay tinatayang nagmula sa Mainland China, nakarating sa Taiwan at napadpad sa Pilipinas.

Bagama't hindi nakapagtatag ng maagang sentralisadong kaharian bunga ng kadahilanang heograpikal, maipagmamalaki ng Pilipinas ang mga barangay, alyansa ng barangay ng mga barangay na tinatawag na kaharian, karadyaan at sultanato sa sinaunang panahon.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Gawain 5: SINIMULAN KO, TAPUSIN MO!**

Panuto: Suriin mo ang mga kabihasnang nabuo sa Timog Silangang Asya sa pamamagitan ng pagsagot sa katapusan ng pangungusap.

1. Ang pangunahing ikinabubuhay ng mga tao sa kabihasnang Khmer ay_______.
2. Umunlad ang kalakalan sa kaharian ng Ayutthaya dahil __________.
3. Sa pagpasok ng ika-anim na siglo, naging malakas ang mga Tibeto-Burman na naging sentro ng ____________.

4. Mula sa pagiging isang pamayanan sa dulong bahagi ng Timog Vietnam ay naging malakas ang kapangyarihan ng Funan dahil _______________.

5. Bago pa man dumating ang mga dayuhang Kanluranin, ang mga sinaunang Pilipino ay_________________.

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

Panuto: Gumawa ng isang sanaysay gamit ang mga sumusunod na *prompt*:

Natatangi ang sinaunang kabihasnan ng Pilipinas kumpara sa ibang bansa sa Timog Silangang Asya.

Dahil:

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Ibig sabihin nito:

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Sa kabuuan:

______________________________________________________________

______________________________________________________________

**Ikatlong Araw**

**Kaugnay na Paksa 3: KAUGNAYAN NG SINAUNANG KABIHASNAN NG TIMOG SILANGANG ASYA SA KABIHASNAN NG TSINA AT INDIA**


**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

**Gawain 6: IUGNAY MO AKO! KABIHASNAN NG TSINA AT INDIA**

Panuto: Buuin ang dayagram sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga naging impluwensiya ng mga sinaunang kabihasnan ng Timog Silangang Asya sa kabihasnan ng Tsina at India.

Funan at Le

Pagan at Toungoo




Katibayan ng mga impluwensyang ng Indian sa Timog Silangang Asya ang pagkakatatag ng mga kaharian ng Funan, Khmer, Pagan, Ayutthaya, Srivijaya at iba pang kaharian.

Sa pag-aaral ng kasaysayan ng Asya, mahalagang tingnan na may sariling pagkakakilanlan ang rehiyon dahil sa pag-angkop ng mga impluwensyang mula sa mga dakilang sibilisasyon ng India at China.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Gawain 7: TINIG NG NAKARAAN PARA SA KASALUKUYAN**

Panuto: Patunayan mo na may nabuong kabihasnan sa Timog Silangang Asya. Upang maisagawa iyo sundin ang sumusunod na hakbang:

1. Makibahagi sa iyong pangkat.

2. Magsaliksik tungkol sa sinaunang kabihasnang nabuo sa bansang itinalaga sa iyong pangkat.
3. Ilahad ang kahalagahan at kaugnayan ng mga sinaunang kabihasnan sa Timog Silangang Asya na itinalaga sa inyo sa kasalukuyang pamumuhay ng mga tao sa Tsina at India. Irecord gamit ang angkop na recording device.
4. Ipakinig sa kamag-aral ang recorded ng paglalahad.
5. Pasulatin ng reaksyon ang kamag-aral tungkol sa kaugnayan at kahalagahan ng mga sinaunang kabihasnan sa Timog Silangang Asya sa kanilang kasalukuyang pamumuhay.

Isaalang-alang ang mga pamantayan sa pagmamarka ng gawain.

| RUBRIC SA PAGMAMARKA NG TINIG NG NAKARAAN PARA SA KASALUKUYAN | | | |
|---|---|---|---|
| **PAMANTAYAN** | **DESKRIPSYON** | **PUNTOS** | **NAKUHANG PUNTOS** |
| **Nilalaman** | Wasto ang impormasyon at paglalarawan. Makabuluhan ang mga nakuhang datos. | 7 | |
| **Boses** | Malinaw ang pagkakabigkas ng mga salita. Madaling maunawaan ang mensahe. Malakas ang boses. | 7 | |
| **Kaugnayan ng paksa sa kasalukuyan** | Mahusay na naiugnay ang paksa sa kasalukuyan. Lubos na naipaliwanag ang kahalagahan ng paksa sa mga Asyano sa kasalukuyan | 6 | |
| | **Kabuuan** | 20 | |

### 3. Paglalapat at Pag-uugnay

Panuto: Gumawa ng isang sanaysay gamit ang mga sumusunod na *prompt*: Malaki ang naging impluwensiya ng kabihasnan ng Tsina at India sa kabihasnan ng mga bansa sa Timog Silangang Asya.

| | | |
|---|---|---|
| | Sa kadahilanang:<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br><br>Patunay lamang ito na:<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br><br>Bilang pagtatapos:<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br>________________________________________________ | |
| **4. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br><br>**IYONG PAKATANDAAN NA:**<br><br>Malaki ang naging __________ng mga __________ng __________ at __________ sa mga kabihasnan ng________________.<br><br>Impluwensiya    kabihasnan    Tsina    India    Timog Silangang Asya<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Mag-aral is fun sa Aral Pan!**<br>Gamit ang mga emoticons, lagyan ng marka ang kasanayang iyong natutuhan sa nakalipas na aralin:<br><br> Madali sa akin ang naging aralin at naging mahusay ako sa paksang tinalakay. | Maaari ring sa pamamagitan ng patanong na pamamaraan. |




Naging mahirap para sa akin ang nakalipas na aralin.

| | |
|---|---|
| | ____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________ |

| IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | | |

1. **Pagsusulit**
   **Panuto**: Ipakita ang ugnayan ng mga sinaunang kabihasnan ng Pilipinas at Timog Silangang Asya sa kabihasnang Tsina at India.




2. **Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

Panuto: Gumawa ng slogan na nagpapakita ng kahalagahan ng ugnayan ng mga kabihasnan sa iba pang mga kabihasnan sa Timog Silangang Asya. Isaalang-alang ang mga pamantayan sa pagmamarka ng gawain.

| Pamantayan | 5 | 3 | 1 | Kabuuang Puntos |
|---|---|---|---|---|

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Ang mensahe ay mabisang naipakita. | Hindi gaanong naipakita ang mensahe. | Walang maayos na mensaheng naipakita. | |
| Pagkamalikhain | Napakaganda at napakalinaw ng pagkakasulat ng mga titik. | Maganda at malinaw ang pagkakasulat ng mga titik. | Hindi maganda at malabo ang pagkakasulat ng mga titik. | |
| Kaugnayan sa paksa | May malaking kaugnayan sa paksa ang islogan. | Hindi gaanong may kaugnayan sa paksa ang islogan. | Walang kaugnayan sa paksa ang islogan. | |
| Kalinisan | Malinis na malinis ang pagkakabuo ng islogan. | Malinis ang pagkabuo ng islogan. | Hindi malinis ang pagkakabuo ng islogan. | |
| Kabuuang Puntos | | | | |

**B. Pagbuo ng Anotasyon**

| Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi. | Epektibong Pamamaraan | Problemang Naranasan at Iba pang Usapin |
|---|---|---|
| ***Estratehiya*** | | |
| ***Kagamitan*** | | |
| ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br><br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | |